Talagang kung ikaw ay gaya ng sinabi mo, para bang nagpalamon ka sa kanila ng mainit na abo. Hindi matitigil na may kasama kang mapagtaguyod mula kay Allāh laban sa kanila hanggat ikaw ay nasa gayon."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {May isang lalaki na nagsabi: "O Sugo ni Allāh, tunay na mayroon akong kamag-anakan na nakikipag-ugnayan ako sa kanila at pumuputol naman sila ng ugnayan sa akin, gumagawa ako ng maganda sa kanila at gumagawa naman sila ng masagwa sa akin, at nagtitimpi ako sa kanila at nagmamaltrato naman sila sa akin." Kaya nagsabi siya: "Talagang kung ikaw ay gaya ng sinabi mo, para bang nagpalamon ka sa kanila ng mainit na abo. Hindi matitigil na may kasama kang mapagtaguyod mula kay Allāh laban sa kanila hanggat ikaw ay nasa gayon."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

May dumaing na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na mayroon daw siyang kamag-anak at kaanak, na nakikitungo siya sa kanila ng pinakamaganda samantalang sila naman ay nakikitungo sa kanya ng kabaliktaran niyon sapagkat nagpapanatili siya ng ugnayan sa kanila at pumupunta sa kanila samantalang pumuputol naman sila ng ugnayan sa kanila, gumagawa siya ng maganda sa kanila sa pamamagitan ng pagsasamabuting-loob at pagkamatapat at gumagawa naman sila ng masagwa sa kanya sa pamamagitan ng pang-aapi at kagaspangan, at nagtitimpi siya at nagpapaumanhin siya sa kanila at nagmamaltrato naman sila sa kanya sa pamamagitan ng pangit na sinasabi at ginagawa. Kaya magpapatuloy ba siya sa pagpapanatili ng ugnayan sa kanila sa kabila ng nabanggit? Kaya nagsabi sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kung ito ay gaya ng binanggit mo, tunay na ikaw ay humihiya sa kanila at humahamak sa kanila sa mga sarili niya. Para bang ikaw ay nagpapakain sa kanila ng mainit na abo dahil sa dami ng paggawa mo ng maganda at kapangitan ng gawain nila sa ganang sarili nila. Hindi matitigil na may kasama sa iyo na isang tagatulong mula sa ganang kay Allāh laban sa kanila at isang tagatulak palayo sa iyo ng perhuwisyo nila hanggat ikaw ay ayon sa binanggit mo na paggawa mo ng maganda sa kanila habang nanatili naman sila sa paggawa nila ng masagwa sa iyo."